Impormasyon ng Pagsusuri Para sa COVID-19

SNOHOMISH HEALTH DISTRICT
WWW.SNOHD.ORG

Tagalog - Tagalog

Habang Hinihintay Mo ang mga Resulta ng Pagsusuri

Tumawag

Ipaalam sa iyong employer o espesiyalista sa pangangalagang pangkalusugan na ikaw ay sinuri para sa COVID-19 at ang petsa ng pagsusuri.



Takpan

Takpan ang mga pag-ubo at pag-bahing. Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig.

Manatili sa Bahay

Manatili sa bahay hanggang matanggap mo ang iyong mga resulta. Bawal ang mga bisita o ang pagpunta sa iba pang mga pampubliko o pribadong lugar. Huwag umalis ng bahay maliban kung para sa pangangalagang pang-medikal.

Linisan

Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo. Gumamit ng hand sanitizer (hindi bababa sa 60% alcohol) kung walang sabon at tubig. Araw-araw na linisin ang mga patungan o surface na madalas na nahahawakan.

Subaybayan ang iyong mga sintomas:

- **Tandaan ang araw kung kailan nagsimula ang iyong mga sintomas.** Mahalaga na ikaw ay magpahinga at uminom ng maraming tubig. Uminom ng mga over-the-counter na gamot na nagpapabawas ng mga sintomas ng lagnat at ubo ayon sa naiutos.
- **I-check ang iyong temperatura ng dalawang beses sa isang araw.**
- **Magsulat ng pang-araw-araw na tala** para sa lagnat, ubo, at mga karagdagang respiratoryong sintomas.
- **Tumawag sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung lumala ang iyong mga sintomas** o kung ikaw ay mayroong mga alalahanin. Sabihin sa kanila na ikaw ay sinuri para sa COVID-19.

Tumawag sa 911 at agarang humingi ng medikal na atensiyon kung ikaw ay nakakaranas ng:

- Matinding kahirapan sa paghinga
- Mala-bughaw na mga labi o mukha
- Palagiang sakit o presyon sa dibdib
- Malubha at palagiang pagkahilo
- Naguguluhan
- Kahirapan sa paggising
- Pagkakabulol (bago o lumalala)
- Bagong seizure o mga seizure na hindi tumitigil

Gaano Katagal Mananatili sa Bahay (Punan ang mga Patlang)

Petsa kung kailan una kong naramdaman na may sakit ako:	Petsa matapos ang 10 araw:	Nawala ang lagnat ko noong:	Petsa matapos ang 24 araw:	Gumaling ang aking iba pang mga sintomas noong:	Bilugan ang pinakahuling petsa at isulat sa ibaba: **Manatili sa bahay hanggang:**

Inangkop mula sa WA DOH 820-089

Patungkol sa Paniningil sa Insurance

- Kung mayroon ka mang pangkalusugang insurance o wala, hindi ka sisingilin para sa pagsusuri at hindi ka makakatanggap ng bill. Kung ikaw ay may insurance, ang UW Medicine ang mag-aasikaso ng mga singil ng iyong pribadong insurance, Medicaid, at Medicare. Kung ikaw ay walang insurance, direktang ire-reimburse ng UW Medicine ang singil mula sa pederal na pondo para sa pagsusuri ng COVID ng mga walang insurance para sa gastos ng iyong test. Ang direktang reimbursement mula sa pribadong insurance, Medicaid, Medicare at pederal na pondo para sa pagsusuri ng COVID ng mga walang insurance ay kinakailangan upang maibigay ang libreng pagsusuri sa iyo.
- Matuto pa: https://www.snohd.org/testing

Ano ang mga resulta ng iyong pagsusuri?

POSITIBO

Mayroon ka bang mga sintomas?

OO
Bumukod (mag-isolate) sa bahay hanggang sa 10 araw mula nang magsimula ang mga sintomas at 24 na oras ka nang walang lagnat at bumubuti ang mga sintomas.

WALA
Bumukod sa tahanan hanggang 10 araw matapos ang petsa ng pagsusuri

NEGATIBO

Nagkaroon ka ba ng malapit na pakikisalamuha sa isang kumpirmadong kaso?

OO
Kung ganap kang nabakunahan*, hindi mo kailangang sumailalim sa quarantine kung wala kang sintomas, pero kailangan mong sumailalim sa quarantine kung magkakaroon ka ng anumang sintomas. Kung hindi ka nabakunahan, kailangan mong manatili sa bahay para sa buong 14 na aaraw ng quarantine. Tumawag sa iyong doktor kung magkakaroon ka ng anumang sintomas.

HINDI
Bumalik sa mga aktibidad kapag 24 na oras ka nang walang lagnat at bumubuti ang iyong mga sintomas.

*Nagsisimula ang ganap na pagpapabakuna 2 linggo pagkatapos ng iyong panghuling bakuna sa serye (hal. 2 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna, o ng isang dosis ng Johnson & Johnson).

Kung Nag-Positibo Ka sa COVID-19

- Ipagpatuloy ang pagbubukod sa bahay para sa kinakailangang panahon.
- Ipaalam sa iyong employer o espesiyalista sa pangangalagang pangkalusugan ang iyong positibong resulta sa COVID-19, kung naaayon.
- Makikipag-ugnayan sa iyo ang Distrito ng Kalusugan upang talakayin ang mga susunod na hakbang na kailangan mong gawin, at ang iyong mga maaaring nakasalamuha ng malapitan.
- Kung lumala ang iyong mga sintomas, mangyaring tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o ang 911 sa isang emerhensiya.

Paano Makuha ang Iyong Resulta ng Pagsusuri

- Magkakaroon na ng mga resulta sa loob ng 2 hanggang 3 araw. **Mangyaring huwag tumawag sa lab hanggang sa hindi bababa sa 3 araw ang lumipas mula ng ikaw ay sinuri.**

  Makakatanggap ka ng abiso kapag handa na ang iyong mga resulta. **Upang makita ang iyong mga resulta:**

- I-scan ang QR code sa ibaba upang ma-access ng diretso ang iyong resulta gamit ang application ng camera sa iyong telepono, o
- Pumunta sa website: https://securelink.labmed.uw.edu upang hanapin ang iyong mga resulta sa pamamagitan ng paglalagay ng 16-numero na retrieval code sa ibaba at petsa ng iyong kapanganakan. **Hinihikayat namin kayo na mag-umpisang tumingin sa website makalipas ang hindi bababa sa 2 araw mula nung ikaw ay sinuri.**
- Kung nawala mo ang iyong QR code o ikaw ay nahihirapang ma-access ang iyong mga resulta, tumawag sa linya ng serbisyo ng laboratoryo ng University of Washington sa 1-833-562-1212 para sa tulong teknikal.

Para sa medikal na emerhensiya, tumawag sa 911 at ipaalam sa pinapadalang tauhan na ikaw ay may COVID-19. PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON PUMUNTA SA: WWW.SNOHD.ORG/COVID